

Pakikilaban sa Espirituwal Yugto 2

Karamihan sa atin ay ayaw mag-isip tungkol sa digmaan, pero sinasabi ng Bibliya na tayo ay nasa labanan at kasali sa digmaan sa pagitan ng dalawang kaharian; ang kaharian ng liwanag ni Cristo at ang nasasakupan ni Satanas, ang kaharian ng kadiliman.

“3 Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. 4 Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal.” (2 Timoteo 2:3-4 KJV)

Ayon sa **2 Timoteo 2:3-4**, kailangan nating tiisin ang kahirapan sa pamumuhay para kay Cristo at sa paglilingkod sa Kanya upang maging mabuting mga sundalo para sa Kanya. Bukod dito, upang mapasaya si Cristo, hindi natin dapat ihalubilo ang ating sarili sa anumang gawaing sibilyan na maaaring maglayo sa atin sa ministryo at paglilingkod kay Cristo. Ang mga sundalo ay mayroong kanilang uniporme na nagpapadali sa kanila na makilala; kapag nakita sila ng mga tao, alam nila na ang mga sundalohang ito ay buong pusong dedikado sa pagtatanggol ng kanilang bansa at hindi naaabala sa ibang bagay. Walang sundalo ang nakikialam sa mga usaping sibilyan dahil gusto nilang mapasaya ang kanilang opisyal at matugunan ang pangangailangan ng hukbong pinoprotektahan ang bansa. * **Ganon din, tayo'y mga sundalo, kaya hindi natin dapat masangkot sa mga away, pagtatalo, negosyo, o paghabol sa pera, at hindi tayo dapat masangkot sa makamundong kasiyahan at pamumuhay. * Kaya bilang mga sundalo, hindi tayo dapat nakikialam sa mga away, pagtatalo, o sa negosyo at dapat magtuon sa paggawa ng pera, pati na rin hindi makilahok sa mga makamundong kasiyahan at istilo ng pamumuhay. * Kaya bilang isang sundalo, dapat alam mo kung paano panatiliin ang iyong pagkakakilanlan at mabuting reputasyon bilang lingkod ni Cristo sa pamamagitan ng hindi pagkakasangkot sa mga bagay na nagpapalayo sa iyo sa iyong paglilingkod at dedikasyon kay Cristo.**

Sinasabi sa **Efeso 6:12** na ang ating pakikibaka ay hindi laban sa mga tao kundi laban sa kapangyarihan ng kadiliman, na kinakatawan ng diyablo at ng mga demonyo nito. ***“12 Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.” (Efeso 6:12 KJV)*** Kaya habang mas lumalayo ka sa mga pangkaraniwang bagay ng sibilyan, mas lumalayo ka rin sa lahat ng mga paanan ng diyablo. Kaya ang iyong dedikasyon at kabanalan sa pamumuhay para kay Cristo at pag-iwas sa kasalanan ay magbibigay sa'yo ng kakayahang maging mabuti at matagumpay na sundalo para kay Cristo.

Nasa labanan ka, at may karapatan kang maging sundalo para kay Cristo laban kay Satanas na iyong kaaway, at ang kailangan mo ngayon ay mas makilala ang iyong kaaway at ang kanyang mga paraan. ***“11 Bukod dito'y ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsasabi, 12 Anak ng tao, panaghuyan mo ang hari sa Tiro, at sabihin mo sa kaniya, Ganito ang sabi ng PANGINOONG Dios, iyong tinatatakan ang kabuoan, na puno ng karunungan, at sakdal sa kagandahan. 13 Ikaw ay nasa Eden, na halamanan ng Dios; lahat na mahalagang bato ay iyong kasuutan, ang sardio, ang topacio, at ang diamante, ang berilo, ang onix, at ang jasper, ang zafiro, ang esmeralda, at ang karbungko, at ang ginto: ang pagkayari ng iyong pandereta at iyong mga plauta ay napasa iyo; sa kaarawan na ikaw ay lalangin ay nangahanda. 14 Ikaw ang pinahirang kerubin na tumatakip: at itinatag kita, na anopa't ikaw ay nasa ibabaw ng banal na bundok ng Dios; ikaw ay nagpanhik manaog sa gitna ng mga batong mahalaga. 15 Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang sa ang kalikuan ay nasumpungan sa iyo. 16 Dahil sa karamihan ng iyong kalakal ay kanilang pinuno ang gitna mo ng pangdadahas, at ikaw ay nagkasala: kaya't inihagis kitang parang dumi mula sa bundok ng Dios; at ipinahamak kita, Oh tumatakip na kerubin, mula sa gitna ng mga batong mahalaga. 17 Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan; iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan: aking inihagis ka sa lupa; aking inilagay ka sa harap ng mga hari, upang kanilang masdan ka.” (Ezekiel 28:11-17 KJV)*** Si Satanas sa pinagmulan ay isang anghel na nilikha ng Dios, puno ng karunungan at perpekto sa kagandahan, pero siya ay naging masama at nasira dahil sa kanyang kasamaan at kayabangan dahil sa kanyang kagandahan at kislap na naging dahilan para siya ay masira sa karunungan. Kaya nagpasya ang Dios na itapon siya sa lupa, at nang bumagsak si Satanas, ang iba pang mga anghel na sumama sa kanya ay bumagsak din tulad ng mababasa natin dito. ***“7 At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon; at ang dragon at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka; 8 At hindi sila nanganalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. 9 At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. 10 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi.” (Pahayag 12:7-10 KJV)***

Mahalagang malaman ngayon ang mga paraam ni Satanas at kung paano siya kikilos upang makipaglaban sa atin. Kaya mula sa mga sumusunod na mga Banal na Kasulatan mababasa at mapapag-aralan natin ang mga paraan ni Satanas:-

1. **“12 At ang mga sa tabi ng daan, ay ang nangakinig; kung magkagayo'y dumarating ang diablo, at inaalís ang salita sa kanilang puso, upang huwag silang magsisampalataya at mangaligtas.” (Lucas 8:12 KJV)** Sinasabi dito na si Satanas, ang demonyo, ay kinukuha ang Salita mula sa ating mga puso. **Kaya mag-ingat na huwag hayaang malito ka ng demonyo at kunin ang Salita ng Dios mula sa iyong puso.**

2. **“44 Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito.” (Juan 8:44 KJV)** Sinasabi dito na ang diyablo ay isang mamamatay-tao mula pa sa simula, at isang sinungaling na hindi nananatili sa katotohanan. **Kaya mag-ingat at iwasan ang karahasan at pagsisinungaling dahil ito ang mga gawain ng diyablo.**

3. **“10 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi.” (Pahayag 12:10 KJV)** Dito inilalarawan ang diyablo o Satanas bilang siyang nag-aakusang ng ating mga kapatid. Inaakusahan niya sila araw at gabi sa harap ng Dios Ama. **Kaya mag-ingat na huwag kang mag-akusa ng kahit sino kung wala kang malinaw na ebidensya sa maling ginawa nila.**

4. **“3 Nguni't ako'y natatakot, baka sa anomang paraan, kung paanong si Eva ay nadaya ng ahas sa kaniyang katusuhan, ang inyong walang malay at malinis na mga pagiisip na kay Cristo ay pasamain.” (2 Corinto 11:3 KJV)** Sinasabi rito na maaaring lokohin ka ni Satanas at sirain ka para mailihis ka mula sa tapat at dalisay mong debosyon kay Cristo. **Kaya mag-ingat ka at huwag hayaang agawin ng makamundong bagay at mga gawa ng laman mo ang tapat mong debosyon kay Cristo.**

5. **“14 At hindi katakataka: sapagka't si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.” (2 Corinto 11:14 KJV)** Sinasabi rito na si Satanas ay maaring magkunwari at ipakilala ang kanyang sarili bilang anghel ng kaliwanagan. **Madalas tayong tuksuhin ni Satanas na gawin ang mga bagay na mukhang mabuti, pero hindi ayon sa pagsunod sa Panginoon, kaya itinuturing na kasalanan ang mga ito. Kaya kailangan maging maingat tayo upang iwasan ang mga ito.**

6. **“10 Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito.” (Juan 10:10 KJV)** Dito inilalarawan si Satanas bilang isang magnanakaw na dumarating para magnakaw, pumatay, at sumira. Darating si Satanas para agawin ang ating kagalakan, kapayapaan, pananampalataya, at ang Salita ng Dios sa ating mga puso.

7. **Madalas subukan ni Satanas na ilihis tayo sa ating layunin, gaya ng ginawa niya kay Jesus sa Mateo 4:3-10, “3 At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay. 4 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios. 5 Nang magkagayo'y dinala siya ng diablo sa bayang banal; at inilagay siya sa taluktok ng templo. 6 At sa kaniya'y sinabi, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at, Aalalayan ka ng kanilang mga kamay, Baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato. 7 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Nasusulat din naman, Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Dios. 8 Muling dinala siya ng diablo sa isang bundok na lubhang mataas, at ipinamalas sa kaniya ang lahat ng mga kaharian sa sanglibutan, at ang kaluwalhatian nila; 9 At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng mga bagay na ito ay ibibigay ko sa iyo, kung ikaw ay magpapatirapa at sasambahin mo ako. 10 Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Jesus, Humayo ka, Satanas: sapagka't nasusulat, Sa Panginoon mong Dios sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.”** Laging gustong pigilan ni Satanas ang paggawa natin ng kalooban ng Dios. **Kaya kailangan nating maging maingat sa kanya at agad itama ang ating sarili at bumalik sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban.**

Sa kabila ng lahat ng mga paraan ni Satanas, ang posisyon ni Satanas ay yaong natalo na siya sa ginawa ni Jesus sa krus. Sinasabi sa **1 Juan 3:8** na dumating si Jesus para wasakin ang gawa ng diyablo, **“8 Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasak ang mga gawa ng diablo.” (1 Juan 3:8 KJV)** sinasabi sa atin na si Cristo, matapos tanggalin ang kapangyarihan at awtoridad ng mga ito, ay ginawa Niyang lantad ang mga ito,

nagtagumpay laban sa kanila sa krus: **“15 Pagkasamsam sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sila'y mga inilagay niya sa hayag na kahihyan, na nagtatagumpay siya sa kanila sa bagay na ito.”** (Colosas 2:15 KJV)

Ang huling wakas ni Satanas ay nakatakda na, **“10 At ang diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at ng bulaang propeta; at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailan kailan man.”** (Pahayag 20:10 KJV) Sa kanyang kamatayan sa krus, nakuha ni Jesus pabalik ang legal na pagmamay-ari at pamamahala ng mundo. Gayunpaman, hindi Niya sinakop ito dahil ibinigay ng Dios sa atin ang tungkulin na sakupin ang lupa. Kaya kailangan tayong maturuan sa mga sandata ng digmaan upang pumunta at sakupin ito, na ang mga ito ay ang mga sumusunod:-

1. Binigyan tayo ng baluti ng Dios para sa ating proteksyon: **“10 Sa katapustapusa'y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan. 11 Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. 12 Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. 13 Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay. 14 Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran, 15 At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan; 16 Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama. 17 At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios: 18 Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal,”** (Epeso 6:10-18 KJV) **Hindi tayo maaring umasa sa sarili nating lakas. Sinabi sa atin na isuot ang buong baluti ng Dios, at hindi lang bahagya. Isusuot natin ang buong baluti upang ayon sa bersikulo 11 ay makatayo tayo laban sa lahat ng panlilinlang ng diyablo. Dahil ang ating pakikipaglaban ayon sa bersikulo 12 ay hindi laban sa tao, kundi laban sa masasamang puwersa.**

2. Pagbigkis sa iyong baywang ng katotohanan o sinturon ng katotohanan: **Pinoprotektahan tayo ng katotohanan mula sa kaaway kaya hindi tayo nahahadlangan sa laban. Kailangan nating malaman ang katotohanan at mamuhay ayon dito at ito ang magpapalakas sa atin na lumaban ng maayos, matatag at hindi natitinag. Si Jesus ang katotohanan at iyon ang kung ano ang tinatawag ni Jesus sa Kanyang sarili. “Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay:”, sa Juan 14:6, “6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.”** (Juan 14:6 KJV) **Ang Banal na Espiritu ay tinawag ng Espiritu ng katotohanan sa Juan 14:17, “Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.”** Awit 40:11 sinasabi na ang katotohanan ng Dios ay patuloy na mananatili sa atin: **“11 Huwag mong pigilin sa akin ang iyong mga malumanay na kaawaan, Oh PANGINOON: panatilihin mong lagi sa akin ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan.**

3. Isukbit ang baluti ng katuwiran: Ang bahagi ng sandatahang ito ay sumasaklaw sa puso. Sinabi sa **Kawikaan 4:23** na ingatan ang puso nang buong kasipagan sapagkat mula rito nagmumula ang mga pinagmumulan ng buhay, **“23 Ingatan mo ang iyong puso ng buong sikap; sapagka't dinadaluyan ng buhay,”** (Kawikaan 4:23 KJV) Ang katuwiran ni Cristo ay magpoprotekta sa ating mga puso at isipan at tutulungan tayong sundin ang kalooban ng Dios at hindi ang ating emosyon o kagustuhan. **Gayundin, ang pamumuhay nang matuwid at malayo sa kasalanan ay magpoprotekta sa atin at hindi papayagang makapasok ang diyablo sa atin.**

4. At ang inyong mga paa ay may suot pangangaral ng evangelio ng kapayapaan: Pinoprotektahan tayo ng sapatos mula sa pagkakadapa o pagtama ng ating mga daliri sa lupa. Kapag naka-sapatos tayo, handa at magagamit tayo at handang yumoan. Kailangan nating maging handa sa pagbabahagi ng Evangelio sa tamang panahon at sa hindi inaasahang panahon. Ibinibigay sa atin ni Jesus ang kapayapaang lampas pa sa ating pag-unawa, kaya handa na tayong mangaral at ipahayag ang evangelio. **“7 At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip, ay magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo Jesus.”** (Filipos 4:7 KJV) Habang tayo'y patuloy na naglalakad at nangangaral ng evangelio, tayo ay nakikipaglaban sa mabuting labanan at sumusulong pasulong.

5. Pagkuha ng kalasag ng pananampalataya: Pinoprotektahan ng kalasag ang tao mula sa mga palaso ng kaaway. Kailangan lagyan ng langis ang mga kalasag na gawa sa balat upang hindi ito pumutok. Sabi sa **Isaias 21:5**, hinihikayat ang mga sundalo na lagyan ng langis ang kanilang mga kalasag: **“5 Sila'y nangaghanda ng dulang, sila'y nangaglagay ng bantay, sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom: magsitindig kayo, kayong mga pangulo, inyong ihanda ang kalasag.”** (Isaias 21:5 KJV) Ang pagpapahid ng Banal na Espiritu ay Langis ang ating kalasag. **“16 Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo**

sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama.” (Epeso 6:16 KJV) Ang maiinit na palaso ng masasama ay mga palaso ni Satanas, ang masasamang balita na laging ipinapadala niya sa atin at kaya naman ang ating pananampalataya kay Cristo at sa Kanyang Salita ay magbibigay sa atin ng panangga at proteksyon mula sa kanilang epekto.

6. Magsuot ng turbante ng kaligtasan: Tinatabunan ng turbante ang isip. Kung masusugatan tayo sa ulo, hindi natin magagamit ang ibang bahagi ng baluti. Sinasabi sa **Roma 12:2** na kailangan tayong mabago sa pamamagitan ng pagpapabago ng ating isip. **“2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaaya-aya at lubos na kalooban ng Dios.” (Roma 12:2 KJV)** Ang natatakpan ng ulo ay kumakatawan sa parehong pagsunod at proteksyon. **Kapag isinusuko natin ang ating sarili sa Salita ng Dios at ginagawa ang sinasabi nito at kapag isinusuko natin ang ating sarili sa mga pinuno na nagtuturo sa atin ng Salita ng Dios at gumagabay sa atin ayon sa kalooban at kautusan ng Dios, lalo tayong napoprotektahan.**

7. Ang espada ng Espiritu: Kailangan nating kilalanin ang Salita ng Dios para magamit ito. Halimbawa, ang Salita ng Dios ay maaaring maging sandata laban sa takot, **“7 Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan.” (2 Timoteo 1:7 KJV)** Maaari nating gamitin ang Salita ng Dios upang labanan ang kasinungalingan ng diyablo at lahat ng maling aral ng kanyang mga lingkod.

8. Laging manalangin na may lahat ng uri ng panalangin at pagsusumamo sa Espiritu: Sinabi sa atin na manalangin sa lahat ng pagkakataon gamit ang lahat ng uri ng panalangin at kahilingan. **“10 Sa katapustapusa'y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan. 11 Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo. 12 Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan. 13 Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay. 14 Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran, 15 At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan; 16 Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama. 17 At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios: 18 Na magsipanalangin kayo sa Espiritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal,” (Epeso 6:10-18 KJV)** May iba't ibang uri ng panalangin: ang iba ay may pang-unawa, ang iba ay sa Espiritu, ang iba ay pasasalamat, pakikiusap, paghiling, at pagkilala sa kasalanan. **Kaya habang nananalangin tayo, nagpapasalamat sa Dios, nakikiusap, at ginagawa ang ating hiling, nakikipaglaban tayo sa kapangyarihan ng kadiliman.**

9. Binigyan din tayo ng iba pang sandata:

A. Ang pagpupuri ay isa pang sandata: Ang **2 Cronica 20:1-30** ay tungkol sa salaysay ni Haring Jehoshaphat kung paano niya hiniling ang tulong ng Dios. Sinasabi sa bersikulo 22 na habang nagsisimula silang umawit at pumupuri sa Dios, naglatag ng bitag ang Panginoon laban sa kanilang mga kaaway at sila'y natalo. **“22 At nang sila'y mangagpasimulang magsiawit at magsipuri, ang PANGINOON ay naglagay ng mga bakay laban sa mga anak ni Ammon, ni Moab, at ng sa bundok ng Seir, na nagsiparoon laban sa Juda; at sila'y nangasugatan.” (2 Cronica 20:22 KJV)** **Kaya habang umaawit at nagbibigay-papuri tayo sa Dios, nilalabanan natin ang kapangyarihan ng kadiliman.**

B. Ang Pangalan ni Jesus: May kapangyarihan tayo sa pangalan ni Jesus. Sinabi sa **Filipos 2:9-11** tungkol sa pangalan ni Jesus na Siya ay higit sa bawat pangalan, **“9 Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan; 10 Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa, 11 At upang ipahayag ng lahat ng mga dila na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama.” (Filipos 2:9-11 KJV)** Maaari nating itali si Satanas, at ang iba't ibang uri ng mga demonyo at itaboy sila sa pangalan ni Jesus.

C. Ang dugo ni Jesus, at salita ng patotoo: Sinasabi sa **Pahayag 12:11**, na dinaig ng mga mananampalataya si Satanas sa pamamagitan ng dugo ng Panginoong Jesus at sa salita ng kanilang patotoo, **“11 At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan.” (Pahayag 12:11 KJV)** Kung walang pagbuhos ng dugo, walang kapatawaran sa mga kasalanan, **“At ayon sa kautusan, ay halos masasabi kong lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran.” (Hebreo 9:22 KJV)** Nililinis tayo ng dugo ni Jesu-Cristo, **“7 Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan.” (1**

Juan 1:7 KJV) Sa pamamagitan ng dugo, maaari tayong makapasok sa presensya ng Diyos, **“19 Mga kapatid, yamang may kalayaan ngang makapasok sa dakong banal sa pamamagitan ng dugo ni Jesus,” (Hebreo 10:19 KJV)** Ang mga nanaig sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at ng salita ng kanilang patotoo ay hindi natakot na mawala ang kanilang buhay dahil alam nila na ang tagumpay ay napanalunan na sa pamamagitan sa Krus. * Maaari nating sabihin kay Satanas at sa kanyang mga demonyo na ang dugo ni Jesus ay laban sa inyo, at sila’y aatras. * Ang patotoo ng ating buhay at pamumuhay ng banal ay napakabisang sandata upang labanan si Satanas at ang mga demonyo kasama niya.

Sa aking mahal at minamahal: Para makalaban tayo sa isang mabuting laban, kailangan nating malaman ang ating posisyon kay Cristo: Ayon sa **Lucas 10:19**, sinasabi ni Jesus na binigyan Niya tayo ng kapangyarihan upang tupirin ang mga ahas at alakdan at mapagtagumpayan ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway; walang makakapanakit sa atin. **“19 Narito, binigyan ko kayo ng kapamahalaan na inyong yurakan ang mga ahas at ang mga alakdan, at sa ibabaw ng lahat ng kapangyarihan ng kaaway: at sa anomang para’y hindi kayo maaano.” (Lucas 10:19 KJV)** Sinasabi naman sa **Efeso 2:6** na itinataas tayo ng Dios kasama ni Cristo at inilagay sa Kanya sa mga makalangit na lugar. **“6 At tayo’y ibinangong kalakip niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus:” (Efeso 2:6 KJV)** Kaya ang ating posisyon ay kasama si Cristo sa isang posisyon ng tagumpay. Kaya magpatuloy tayo at makipaglaban sa mabuting pakikibaka.

Kahit na tayo ay nasa labanan, maaari tayong mahikayat dahil ang tagumpay ay nasa sa atin na sa pamamagitan ni Cristo Jesus at Kanyang ginawa sa krus at mayroon na tayong lahat ng sandata na ibinigay Niya sa atin para manindigan at talunin ang kaaway. Manalangin tayo...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako’y lunmalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namtay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa tagumpay na ibinigay mo sa amin sa pamamagitan ng iyong ginawa sa krus. Panginoon, salamat sa lahat ng bahagi ng baluti ng Dios at mga sandata na ibinigay mo sa amin para manindigan laban sa kapangyarihan ng kadiliman. Panginoon, salamat sa lahat ng materyal at espirituwal na biyaya na ibinigay mo sa amin kay Cristo sa mundong ito. Panginoon, salamat sa lahat ng mga aral, pagtutuwid, pagsaway at pangaral na natanggap namin sa mensaheng ito.

Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang lahat ng iyong mga pakikibahagi sa sibilyan, ang iyong pagibig sa mundo at mga makamundong bagay, ang iyong pagibig sa pera at ang iyong mga alitan, away at pagtatalo. Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga dios-diosan, iyong inggit at selos, iyong kasinungalingan, pandaraya, pagnanakaw, panlilinlang, pagnanasa, pakikipagtalik sa iba, imoralidad at iba pang gawa ng laman. Magsisi at talikuran ang iyong kakulangan sa pananampalataya sa Dios at ang iyong kakulangan sa buong pagtitiwala at pagsunod sa Kanyang Salita at mga utos. Magsisi sa paggawa ng iyong sariling kalooban at plano. Magsisi sa iyong kapalaluan, katamaran, hindi pagpapatawad sa mga tao, galit, paghihiganti at away. Talikuran ang iyong pakikipag-ugnay sa mga hindi nananampalataya, kaibigan at ang pagsasayang ng oras sa Media, laro at Balita. Magsisi sa iyong kakulangan sa pagdarasal at pagbabasa ng Salita ng Dios. Magsisi sa iyong hindi kahandaang manindigan upang paglingkuran ang Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon, ako’y nagsisisi, patawarin mo ako, tatalikuran ko ang mga sumusunod na kasalanan

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na mamuhay bilang isang kawal para kay Cristo Jesus, ang aking Panginoon. Iniaalay ko ang aking sarili na lumayo sa mga sumusunod na gawaing sibilyan _____ . Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na isyuot ang buong baluti ng Dios, mamuhay sa pananampalataya, sa isang matuwid na buhay, sundin ang Salita ng Dios, mamuhay nang may panalangin, gamitin ang pangalan ni Jesus at ang dugo ni Jesus, magpatuloy sa pangangaral ng evangelio at gamitin ang iyong Salita para sa mabuting laban. Ako ay lumalaban sa mga gawa ni Satanas at lahat ng kanyang mga demonyo sa pangalan ni Jesus. Satanas at lahat ng demonyo, ang dugo ni Jesus ay laban sa inyo, at pinalalayas ko kayo sa aking buhay sa pangalan ni Jesus. Panginoon, tulungan mo ako at bigyan mo ako ng kagamitan at kaalaman kung paano labanan ang kapangyarihan ng kaaway. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na pumunta at ipangaral ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa. Panginoon, nagtitiwala ako na poprotektahan Mo ako at ibibigay ang lahat ng aking pangangailangan. Ito ang lahat ng hinihiling at ipinapanalangin ko sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at isinusyuot ang buong baluti ng Dios at inilaan ang kanilang sarili na maglingkod sa iyo at lumaban sa mga mabubuting laban bilang mabubuting kawal para kay Cristo. Panginoon, itinatali ko ang lahat ng gawain ni Satanas at ng mga demonyo sa kanilang buhay at itaboy sila lahat sa pangalan ni Jesus. Panginoon, protektahan mo sila, kagamitin mo sila at ipagpatuloy na gamitin sila para maglingkod sa iyo. Panginoon, panatilihin mo sila at bigyan ng kakayahan upang ipagpatuloy ang paglilingkod sa iyo at maging mabuting halimbawa sa iba na sumunod sa iyo.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, at tulungan mo kaming patuloy na manindigan at lumaban ng mabuting laban. Laban sa lahat ng gawa ng diyablo at mga demonyo kami ay nakakatayo, at itinaboy namin sila mula sa buhay ng simbahan sa pangalan ni Jesus. Panginoon, gabayan mo kami upang tulungan ang mga tao na nakatali sa kasalanan upang palayain sila mula sa lahat ng kapangyarihan ng kadiliman. Panginoon, handa kaming lumabas upang ipangaral ang Evangelio at ipalaganap ang Iyong Salita. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu, at gabayan mo kami sa pagpapahayag at pag-abot sa mga bagong tao, pagtulong sa kanila, gumawa ng bagong mga disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa, magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisnan para sa simbahan. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang sumama sa iyo kapag bumalik ka. Panginoon, dalangin namin na mas marami pang mga tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerong: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com